



COMMITTEE ON FINANCE, BUDGET AND APPROPRIATION  
AND  
COMMITTEE ON HOUSING, LAND UTILIZATION AND URBAN DEVELOPMENT

COMMITTEE REPORT  
NO. FBA-209-S-2023

Office of the Sangguniang Panlungsod  
Received by: *[Signature]*  
Date: *4:40 pm*

Subject: REQUEST OF THE CITY MAYOR, HON. STRIKE B. REVILLA, FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS BY TAXPAYERS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR – PCR-463-2023 dated December 5, 2023

Referred to this Committee on the 71<sup>st</sup> Regular Session is the above-subject matter for appropriate action and recommendation.

**ISSUE:**

There are certain landowners in Bacoor City who are holders of transfer certificate of titles (TCTs) which indicate that their lands, being part of former **Imus Estate**, are situated in the city of Imus. Despite several approved subdivision surveys involving said real properties, however, there were no corrections had been instituted on the titles in question nor the landowners were advised for proper corrections of their respective land titles. Hence, the affected landowners are being referred to the City Government of Imus, particularly in the payment of real property taxes, building permits and other requirements for land development.

**BRIEF HISTORY OF IMUS ESTATE:**

The friar lands in Cavite constituted more than one-fourth of the total friar land holdings in the Philippines. These friar lands were the following: the **Imus Estate (owned by Augustinian recollects), 18,419 hectares**; Naik hacienda (Dominicans), 7,922 hectares; Sta. Cruz de Malabon (Dominicans), 8,902 hectares; and San Francisco de Malabon (Augustinians), 13,000 hectares. The **Imus Estate** was comprised of the municipalities of Imus, **Bacoor**, Kawit, and Dasmariñas then the richest rice-growing area, sugarcane plantations, orchards, saltbeds, fisheries, beach lands, and urban and rural lots, crisscrossed by rivers, canals, underground ditches, and dams.<sup>1/</sup>

<sup>1/</sup>Cavite: Seedbed of Revolution-Part One, geocities.ws/kabitenyo

JOINT COMMITTEE REPORT FBA-209-S-2023  
PCR 463-S-2023 – REQUEST OF THE CITY MAYOR FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES BY TAXPAYERS TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR





## THE LAWS ENACTED DURING THE AMERICAN OCCUPATION:

To reconcile the Filipinos to the American colonial regime, the United States was forced to address the problem of agrarian unrest on the friar estates. Under the authority of an act of Congress, the Philippine Commission in 1903 enacted a law providing for the lease and ultimate sale of the friar lands.<sup>2</sup>

Under Act No. 496 of the Philippine Commission dated February 1, 1903, the Land Registration Law (Torrens System) became effective, the Court of Land Registration (CLR) and the offices of the Register of Deeds were created. In the Torrens System of registration, the real estate ownership may be judicially confirmed and recorded in the archives of the government.<sup>3</sup>

Unfortunately, on **October 15, 1903** the municipalities of **Bacoor** and Perez-Dasmariñas were downgraded and became barrios of the Municipality of Imus by virtue of Philippine Commission Act No. 947.

We quote the specific provision of said Act No. 947, as follows:

**\*[ Act No. 947, October 15, 1903 ]**

### **AN ACT REDUCING THE TWENTY-THREE MUNICIPALITIES OF THE PROVINCE OF CAVITE TO ELEVEN.**

*By authority of the United States, be it enacted by the Philippine Commission, that:*

SECTION 1. The twenty-three municipalities of the Province of Cavite shall, in accordance with the provisions of this Act, be reduced to eleven, as follows:

1. The municipality of Cavite shall consist of its present territory and that of the municipalities of San Roque and La Caridad, with the seat of the municipal government at the present municipality of San Roque.
2. The municipality of Noveleta shall consist of its present territory and that of the municipalities of Cavite Viejo and Rosario, with the seat of the municipal government at the present municipality of Noveleta.
3. The municipality of San Francisco de Malabon shall consist of its present territory and that of the municipality of Santa Cruz de Malabon, with the seat of the municipal government at the present municipality of San Francisco de Malabon.
4. **The municipality of Imus shall consist of its present territory and that of the municipalities of Bacoor and Perez-Dasmariñas, with the seat of the municipal government at the present municipality of Imus. x x x"**

<sup>2/</sup> The Incorporation of the Province of Cavite into the World Economy; Phil. Social Science Council; pssc.org.ph  
<sup>3/</sup> History-Land Registration Authority; lra.gov.ph

JOINT COMMITTEE REPORT FBA-209-S-2023

PCR 463-S-2023 – REQUEST OF THE CITY MAYOR FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES BY TAXPAYERS TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR







In the turn of events and with the enactment of Act No. 1551 on **October 24, 1906**, the Philippine Commission **restored the municipality of Bacoor** and fully separated it from the municipality of Imus. The lands under its previously defined territory and jurisdiction were reverted to its original status and returned back under the political power and authority of the municipality of Bacoor.

#### OCULAR INSPECTION AND VERIFICATION:

Ocular inspection and verification were conducted by the Committee on May 24, 2024 in coordination with the barangay officials of Brgy. Real II (now Barangay Real) in order that the Committee Chairman may be able to confirm the existence of the problem. The Committee Chairman was able to meet some of the affected landowners and their identities were confirmed upon presentation of their land titles and related documents.

During conversation with the landowners, the Committee Chairman noted that the transfer certificate of titles were issued pursuant to a partition of property covered by Transfer Certificate Title No. T-9574 registered in the name of MARTINA DE GUZMAN and CORAZON JAVIER covering a parcel of land with a total area of 9,347 square meters, more or less, and which is more particularly known in the barangay as the "Sagenes Compound"

It was further noted that the same TCT No. T-95574 was issued and emanated from Original Certificate of Title (OCT) No. 1002 under approved original survey (**Imus Estate**) dated back **July 27, 1905** or **during the period when the municipality of Bacoor was downgraded and became a barrio of the municipality of Imus.**

#### FINDINGS:

- THE "SAGENES COMPOUND" IS WITHIN THE JURISDICTION OF BRGY. REAL AND MORE OR LESS WITH A DISTANCE OF 500 TO 800 METERS AWAY FROM THE BOUNDARY OF IMUS CITY AT AGUINALDO HIGHWAY AND NOT A SUBJECT OF BOUNDARY DISPUTE WITH IMUS CITY.
- BARANGAY REAL IS BOUNDED BY AND ADJACENT TO BRGY. MAMBOG 5 (NOW BRGY. MAMBOG 2) ON ITS SOUTHERN PORTION WHERE THE PROPERTY IS SITUATED IN BETWEEN THE BARANGAY BOUNDARIES.
- THE PROPERTY (SAGENES COMPOUND) IS DESIGNATED AS LOT NO. 4732-D-5 (LRC)-PSD-266725 WITH AN AREA OF **9,357** SQUARE METERS, MORE OR LESS, IS COVERED BY AN APPROVED SUBDIVISION SURVEY PLAN DATED JULY 26, 1981 AS SURVEYED FOR THE HRS. OF MARTINA DE GUZMAN AND CORAZON JAVIER.

JOINT COMMITTEE REPORT FBA-209-S-2023

PCR 463-S-2023 – REQUEST OF THE CITY MAYOR FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES BY TAXPAYERS TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR







- THE AFFECTED LANDOWNERS ARE REGISTERED VOTERS OF BACOOR CITY.
- IT HAS BEEN ALLEGED THAT IN MANY OCCASIONS, THE AFFECTED LANDOWNERS TRIED TO TRANSACT WITH THE CONCERNED OFFICES IN BACOOR CITY REGARDING THE ISSUANCE OF TAX DECLARATION, BUILDING PERMIT AND OTHER REQUIREMENT INVOLVING THEIR REAL PROPERTIES BUT TO NO AVAIL.
- THE ISSUE OR PROBLEM COULD BE ATTRIBUTED TO THE PASSAGE OF PHILIPPINE COMMISSION ACT NO. 947 DATED OCTOBER 15, 1903 OR WHEN THE MUNICIPALITY OF BACOOR BECAME A BARRIO OF THE MUNICIPALITY OF IMUS.
- IN ALL ASPECTS, THE CITY GOVERNMENT OF BACOOR IS INVOLVED AND THE PRINCIPAL PARTY IN THE PROPER CORRECTION OF LOCATIONS AND BEARINGS OF THE REAL PROPERTIES IN QUESTION.
- THERE IS NO REASON FOR ANY OFFICIALS OR PERSONNEL OF THE CITY GOVERNMENT OF BACOOR TO SEEK AUTHORITY OR ANY GUIDANCE FROM THE CITY GOVERNMENT OF IMUS WITH RESPECT TO THE ACTION OR ACTIONS TO BE TAKEN ON THE PREMISES AS THE SAID INDULGENCE COULD MEAN A RECOGNITION OF AUTHORITY AND MAY BE USED AGAINST THE CITY GOVERNMENT OF BACOOR (ATTY. KHALID ATEGA, SECRETARY OF SANGGUNIANG PANLUNGSOD).

**RECOMMENDATION:**

In view of the foregoing, the Honorable Members of the Joint Committee hereby recommend **TO APPROVE** the City Resolution and/or City Ordinance to address the following issues:

- 1) The heads and personnel of concerned departments and offices be instructed to accept and take necessary actions on all land transactions being requested by Bacoor City landowners whose land titles purportedly indicates that their properties are located in Imus City, subject to actual inspection, verification and approval of higher authorities.
- 2) The Office of the City Assessor in coordination with the Zoning and Land Use Department be mandated to conduct the necessary tax mapping which shall cover the subject real properties with erroneous transfer certificate of titles and for purposes of issuing the corresponding tax declarations pending rectification of titles.

---

JOINT COMMITTEE REPORT FBA-209-S-2023  
PCR 463-S-2023 – REQUEST OF THE CITY MAYOR FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES BY TAXPAYERS TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR





- 3) The landowners upon issuance of their tax declarations be exempt from the payment of real property tax of prior years or be covered by a moratorium as may be determined by the City Government of Bacoor .

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Signed this \_\_\_\_ day of June 2024 at the City of Bacoor, Cavite.

**THE COMMITTEE ON FINANCE, BUDGET AND APPROPRIATION**

  
HON. ROGELIO M. NOLASCO  
Chairman

  
HON. CATHERINE S. EVARISTO  
Vice Chairperson

  
HON. REYNALDO D. PALABRICA  
Member

---

JOINT COMMITTEE REPORT FBA-209-S-2023  
PCR 463-S-2023 - REQUEST OF THE CITY MAYOR FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES BY TAXPAYERS TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR







**COMMITTEE ON HOUSING, LAND UTILIZATION AND URBAN DEVELOPMENT**

  
**HON. ALDE JOSELITO PAGULAYAN**  
Chairman

  
**HON. ADRIANTO G. GAWARAN**  
Vice Chairman

  
**HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ**  
Member

  
**HON. SIMPLICIO G. DOMINGUEZ**  
Member

Prepared by:  
  
**ROBERTO A. DE GUZMAN**  
Local Legislative Staff Assistant I

---

JOINT COMMITTEE REPORT FBA-209-S-2023  
PCR 463-S-2023 - REQUEST OF THE CITY MAYOR FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES BY TAXPAYERS TO THE LOCAL GOVERNMENT OF IMUS INVOLVING PARCELS OF LAND SITUATED IN THE CITY OF BACOOR





**Committee on Finance, Budget and Appropriation**

Office of the Sangguniang Panlungsod  
Reopened  
Date: JUL 2024  
Time: \_\_\_\_\_

**3<sup>RD</sup> JOINT COMMITTEE HEARING MINUTES**  
NO. FBA-209-S-2024

Subject: *REQUEST OF THE CITY MAYOR, HON. STRIKE B. REVILLA, FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES TO THE LOCAL GOVERNMENT OF THE CITY OF IMUS BY TAXPAYERS INVOLVING PARCELS LANDS SITUATED IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE. – PCR-463-2023 Dated December 5, 2023.*

Present:

**Committee on Finance, Budget and Appropriation**

Hon. Rogelio M. Nolasco - Chairman  
Hon. Reynaldo Palabrica - Member

**Committee on Housing and Land Utilization and Urban Development**

Hon. Adrielito Gawaran - Vice Chairman

**5<sup>TH</sup> Sangguniang Panlungsod Members**

Hon. Simplicio Dominguez - Member  
Hon. Randy C. Francisco - Member  
Hon. Levy Tela - Member

**Resource Persons:**

Atty. Nathaniel De Leon - Office of City Legal Service  
Atty. Khalid Atega, Jr. - Sangguniang Panlungsod Secretary  
Engr. Arthur San Jose - Zoning and Land Development  
Engr. Allan Quinatadcan - City Assessor's Department  
Engr. Ramesis Alhambra - Office of Building Official  
Ms. Rona Grace Torrijos - City Finance Office







**Hon. Rogelio Nolasco:** "Good Afternoon po sa lahat, A Joint Committee Hearing, on Finance, Budget and Appropriation and Committee on Housing and Land Utilization and Urban Development regarding, **PCR-463-2023** "REQUEST OF THE CITY MAYOR, HON. STRIKE B. REVILLA, FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES TO THE LOCAL GOVERNMENT OF THE CITY OF IMUS BY TAXPAYERS INVOLVING PARCELS LANDS SITUATED IN THE CITY OF BACOOR, CAVITE, is now court to order."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Bago po ang lahat ipinapakilala ko po ang aking mga kasamang konsehal, in my right, Konsehal Randy C. Francisco, Konsehal Levy Tela, in my left Konsehal Adrielito Gawaran, ang presence po ng ating Pro-Tempore Konsehal Reynaldo Palabrica. Sa ating mga resource persons pwede pong pakilala ang lahat and from what department."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Ito po ay pangatlong hearing natin with City Assessors and Zoning, kasi yun nga, ang ginawa ng ating zoning nagpadala ng sulat sa City of Imus, at yun nga sinagot ng Imus nay un nga, based on their record na sa kanila nga. So, ang ginawa nga po namin Engr. Arthur, nag Ocular Inspection kami last week. Base po sa aming ocular inspection yan po ay mababasa nyo sa aming report na halos na interview naming lahat ang mga residente na involve po doon sa 61 Household na nagbabayad po sa Imus City. At naka attached po diyan yung google map para basis nyo rin po na malapit doon sa All Homes na papuntang NOMO. Siguro kung papuntang Imus, before Strike Gate yung Real II, boundary ng Mambog 5 yung property."

**Hon. Levy Tela:** "Ang boundary ba nyan yung creek ng Imus at Bacoor?"

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Doon sa may Palico. Doon sa ang location ay Real."

**Hon. Levy Tela:** "So, Bacoor nga?"

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Siguro for this time hingiin natin ang opinion ni Engr. Arthur San Jose regarding doon sa report."

**Engr. Arthur San Jose:** "Sa findings nyo po nakita ko, I agree naman kasi Imus Estate is the group of Imus, Dasmarinas and part of Bacoor. According to the file mayroon tayong ganito yung original title, isang lote lang siya ito yung 1002 original title kaya lahat na eextract doon sa 1002 ay TCT na. Ngayon hindi naman komo Imus Estate ang pangalan ay Imus na. May boundaries yan, dapat pumunta kami sa Spain kaso mo wala ho kaming pamasaha. Yung boundary ng Imus, boundary ng Bacoor, boundary ng Dasmarinas yun lang po ang nakikita ko at yung iba po na ngayon kolang nabasa ay advantage po sa City Government nabasa ko po dito na actual ninyong napuntahan yung area."







at yun pong ibang taga taga Imus na hindi alam na kasama po sa kanila iyan talagang Real ang sumasakop sa kanila na voters of Bacoor. Yun po ang nabasa ko rito, I agree, yun pong certification ko ay pinaninindigan ko na nakita po namin doon sa LARES, na itong mga loteng ito ay nasa Bacoor doon po sa Lares na technical ng LRA. Yun lang po."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Kaya lang po mayroon din kaming na interview doon na kasamahan din ng ating HOPE. Kasi actually, yung isang nagpagawa ng bahay doon nagpunta na raw dito sa City para mag apply. So yari na rin yung kaniyang application pati sa Meralco kasi may lumalakad. Pina endorse daw natin sa Imus kasi ang title daw ay Imus so, hindi natin inaccept pero inaccept daw ng Imus. Actually, yari na yung bahay ang advise naman daw sa kaniya ay bumalik sa assessors para i assess yung building plan. Ang advise ko huwag ka ng bumalik kasi gagawan ka ng tax declaration, sa Imus ka pa makakapagbayad. Kaya ayun tuwang tuwa naman kasi sabi nya makakalibre daw siya ng tax ng building. Pero ang karamihan daw doon ang building permit ay sa Imus nakakuha dahil nga sa pagkaka declara ng kanilang title ay Imus. Hindi rin natin kasalanan kasi nag base tayo sa document pero ang kakulangan natin wala tayong ocular inspection kapag nag aapply ang isang tao. Supposed to be ini insist natin na sa Bacoor sila pero dinedepend pa rin ng office natin na Imus title kayo. So yun ang pagkukulang natin walang ocular inspection sa pag aapply ng building permit. Hindi ko naman kayo sinisisi kasi base on document kayo."

**Engr. Ramesis Alhambra:** "Sa amin po kasi syempre, ang number one sa application, kauna unahan po kasi naming kinukuha yung copy ng title, syempre po kapag nakita po naming wala sa jurisdiction ng Bacoor una po may annotation pa muna eh kapag nakita naming sa Imus, pinapapunta po namin sa Imus. Pero tama naman po yung sinabi nyo na dapat mag check muna kami sa actual. Kung Yun po ba yung nasa boundary ng Imus?"

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Kasi yung tao na mismo yung nagsasabi na hindi siya Imus eh."

**Engr. Ramesis Alhambra:** "Kasi po halimbawa ni receive namin siya eh sa Imus yung title. Ano po ang gagawin namin?"

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Mr. Chair, kasi marami pa tayong itatanong dito masagot man ito tungkol doon sa application ng building permit, magkaroon na lang tayo ng special attention dito sa particular na area. Kapag may nag aapply dito sa atin ng building permit tapos nakitang Real, automatic na lang Engineer tanggapin natin kasi nga baka jurisdiction natin para hindi na makarating sa Imus kasi marami nga tayong pag uusapan dito eh."







**Hon. Rogelio Nolasco:** "Any other opinion po."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Kung may access po ba sila doon sa GIS (**Geographic Information System**) naming? May GIS po kasi kami na nalocate namin yung property kung nasaan siya. Doon po pwede nilang i counter check sa min kung wala silang access kasi sa zoning actually may access din. Ang zoning kasi nakikita nila kung saan yung property na yun so doon po pwede nang makipag coordinate."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Pero sa situation ngayon hindi lang permit eh yung location yan ng building. Ang particular na concern dito ay kung paano natin mareresolba kung paano sila makakapagbayad sa atin."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "That is precisely my concern kaya binabanggit ko ito."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Malinaw naman po Engineer tuloy tuloy po natin, may Legal basis tayo so, ngayon ang nangyayari all real property taxes even building permit fees tatanong ko Mr. Chair kung nasa Imus, what will be the course of action ang gagawin natin pagdating sa Legal?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "So, first of all lahat po sila, yung nasa listahan po ay naka declare na sa Imus, lahat po sila ay mayroon nang tax declaration sa Imus. Ngayon po on their part kailangan po mag voluntary on their part to have their tax declaration from Imus be cancelled. So sila naman po ang party interested."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Are you referring to City Government of Imus?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Sila po yung mga private owners po. Kailangan nilang ipa cancel yung tax declaration from Imus although ongoing pa iyon, inaayos naman yung tax declaration nila dito sa Bacoor. So, the moment na nag pa receives na sila ng kanilang tax declaration na cancelled na sa Imus, dapat ma provide natin sila ng mga services natin or legal services natin na hindi pala dapat sila sa Imus nagpapa declare at yung authority naman po under the department of assessors to take evidence regarding the declaration po ng mga properties. Dapat i take into consideration ng Imus yun, and then yung receiving copy po na ipapadala nila magbigay sila ng copy dito sa city government of Bacoor, doon po mag umpisa na i assess na sila for the first time tapos ma issuehan sila ng bagong tax declaration."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Atty, may sagot ako, baka hindi pumayag agad ang assessor ng Imus sa pag ka cancel ng tax declaration kasi ang naka







declare sa title ay Imus eh. Di po ba Engr. dito kasi nag be base ang tax declaration kung saan ang location and technical description so, tama ang technical description within Bacoor pero ang title is Imus. So, kaya hindi basta basta siguro mag ka cancel ng assessor."

**Engr. Arthur San Jose:** "If the owner will request for a correction of location and will annotate on the title baka sakali yun ang initiate ng may ari kung willing na ma change yung location ng kanyang lugar na instead of Imus eh Bacoor. Legal service naman ang makikipag usap doon."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Siguro, provided na humingi muna sa inyo ng certification na ang area nila ay under sa jurisdiction ng Bacoor at para pa annotate sa title ang title pa annotate sa Trece. May technicalities pa po ba yun Engr. Quinatadcan?"

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "May court proceedings po ba yan?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually base po doon hindi lang dito marami po kasi yan eh, yung ibang area na ganyan, ang isang dumaan sa akin na ganyan, na certify ng zoning, ito ay the other way. Ang lupa talaga ay nasa Imus pero naka declare siya sa Bacoor. So, kumuha ng certification sa zoning natin na yun ay labas sa territorial jurisdiction ng Bacoor, pinakita rin dito. Yung isang attachment nito kumuha din sila sa zoning/planning ng Imus, pinakuha din ng certification na talagang naandoon sa Imus. So, dinala nila sa District office pina annotate doon tapos ang ginawa niyang reason na base doon sa dalawang certification na galing Imus at Bacoor. So naka annotate na sa kaniya na talagang Imus na."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "So, doon ngayon dadating sa assessor para baguhin ang tax dec.?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Yes po."

**Hon. Adrielito Gawaran:** "Mr. Chair, isang comment, i address ko sa iyo Mr. Chair kasi sinabi mo unang una na nag ocular inspection kayo. Sino sino po ang kasama mo sa ocular?"

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Kasama ko po yung mga staff ko, si Edgar at si Bobby."

**Hon. Adrielito Gawaran:** "Okey, ang tanong ko lang po with due respect, po sa inyong lahat ang dapat po may knowledge po diyan ang kasama nyo sa ocular inspection. Zoning, staff officers or kaya sa assessor's para may







knowledge hindi ko naman sila inaano po, para may knowledge sila alam nila ang gagawin at may action agad para mapabilis ang action."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Maganda po ang sinabi nyo, pero as our part syempre kumuha muna tayo ng initial na information so, bago natin mapagusapan ngayon kung ano ang maganda nating gawin para ma acquire natin itong ating minimithi."

**Hon. Adrielito Gawaran:** "Mabuti lang sana isinama mo na rin yung may knowledge sa staff nyo para natutulungan din kayo ng data gathering natin para may masasabi. Opinion lang ito."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Ang akin naman po para ma umpisahan na natin ay ginather na rin po namin para to justify, para makuha natin, andito naman po ang assessor's natin at zoning."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Naputol yung sinasabi ko kanina pasensya na kayo. Tuloy tuloy ko lang para may direction, with your kind indulgence Councilor Gawaran. Kanina tinanong ko paano sa legal eh, ang suggestion ng legal ay parang mag voluntary cancellation ang mga land owners doon sa Imus. Nabangit naman ni Assessor, Engr. Quinatadcan may isang kaso tayo na kabaligtaran, dito nagpapa cancel sa atin nagpapalipat sa Imus. Madaling naayos kasi syempre tatanggapin ng Imus kasi pabor sa kanila dito disadvantages sa Imus on their part. Ngayon ang tanong kung mag vovoluntary cancellation, maybe tama yung sinasabi kanina ang magiging basis ng cancellation ng mga constituents natin ay yung certification ng zoning na included dito sa LARES itong area na ito ay Bacoor talaga siya. Maganda ang basis. Ngayon ang tanong ko lang kay assessor kapag nagkaroon ng affidavit ba ang kailangan doon Atty. sa cancellation?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Yes po para ma annotate doon sa technical description your honor."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Okey upon submission of affidavit doon sa cancellation sa Imus, pwedeng mag copy furnish na tayo dito sa assessor's natin in application for the preparation of tax declaration."

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Pwede naman po pero ang means po dapat ng bagong tax declaration ay after na po ng magkaroon ng validation na nancel na po yung sa Imus otherwise po magsasabay na nag eexist yung dalawang tax declaration."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "What if syempre hindi pumayag ang Imus? Kasi disadvantages sa kanila yan. Napaka bait natin sa kanila pumayag agad tayo."







What if, ang Imus ang hindi pumayag? can we impose ourselves or dito sa mga constituents na apply na kaagad sila dito and can we accept that already? Kasi dito sa atin may legal basis or justified natin ang territoryo natin. Does the assessor can accept already?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually mag a act lang kami kung may annotate doon sa title. Kagaya ng binanggit ni Chairman kanina, is nagbe base kami kahit mali yung title, pero kung ano yung nasa loob nifo."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Ang title pa rin? If that's the case Mr. Chair, mahabang proseso ito. Syempre huwag muna nating i assume na papayag agad ang Imus."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "May naisip akong isang paraan. Kung i try muna natin ako naman ay matagal ko ng ginagawa yang pa annotate. Kaya lang barangay to barangay, yung jurisdiction ng barangay. So, pero kung kausapin natin si Mr. Rommel Bunag ng BTMD na isa sa malaking location eh, kung mabigyan natin ng certification from zoning na iyun ay jurisdiction ng ating territoryo, kahit ako na ang magpalakad sa Trece, tilignan natin kung ano pang documents ang kailangan bago i annotate ng registry of deeds. Mag sa sample tayo ng isa at kung ma approve yon lahat ay i encourage natin na mabigyan ng certificate at mai pa annotate sa titulo para sa ganoon makakagawa na tayo ng sarili nating tax dec at huwag cancellation doon sa kabila. Ano po?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Pwede po."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Yun na lang ang isang magandang remedy natin muna."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Meaning Mr. Chair, gagawa tayo ng isang sample? So freeze muna tayo sa lahat ng discussion natin?"

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Probably dapat ganoon na muna ang gawin natin kasi hindi ma resolba ito. Ano ang opinion nyo Atty. Atega?"

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Your honor, sa akin po ang main concern ko po kasi, sa ngayon po kasi wala pang ginagawa ang Imus, para po sabihin na itong mga lupang ito ay amin. Sa atin pa rin yan eh hindi sila nag sa suggest na i adjust iyung political boundary pero kapag patuloy itong ginagawa ng mga department head natin na dahil sa ang nakalagay sa title ay Imus ay tinatanghian natin yung nagbabayad ng mga permit, in the future maaaring isipin ng City Council ng Imus, ito pala ay winewaive na ng Bacoor eh. At yung mga dokumento na galing sa atin mismo ang gagamiting ebidensya laban sa







City Government. Ako iyun po ang immediate concern ko. Dapat po iyon ay mahinto. Yun pong pag iissue natin ng mga certification na yan na sinasabi natin na, ah oo Imus yan at hindi namin tatanggapin yung application nyo ng building permit dahil sa iyan ay Imus ang nakalagay sa title. Dapat po iyon ay mahinto agad. Kung ano man po ang gagawin nating kasunod para i correct yung mga tax dec niyan ay gawin natin. Pero ang pinaka immediate concern natin at dapat pong gawin kaagad sa pananaw ko ay tigilan po natin ang nakaugalian na porket nakalagay ay Imus ay hindi natin tatanggapin ang application ng building permit. O kaya ang pagbabayad ng RPT kung ano man po yang mga taxes na yan, dapat panindigan natin na yan ay nasa Bacoor. Dahil lahat po itong mga dokumentong ito na inissue natin ay official documents yan na pwedeng gamiting ebidensya sa court. So, yun po ang concern ko. Since ang request po ni Mayor is Legislative action mula po sa Sanggunian, ang suggestion ko po ay magpasa tayo ng Resolution na inutusan ang lahat ng department na huwag mag issue ng ganoong certification. Kapag may nag apply ng building permit, tanggapin, and then gumawa ng ocular inspection, simulan nating kumalap ng ebidensya na magpapatunay na itong mga lupang ito kahit na ito ang title ay nakalagay ay Imus ay talagang sakop ng Bacoor."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Papaano yung mag aaply ng tax declaration?"

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Bukod pong action yun, hindi na po legislative action yun. Legal action po iyon. Kaya po kaninang pinakikinggan ko si Atty. Nathaniel, kasi sabi nyo voluntary ano? kasi syempre yan may gastos, may abala, maraming theory na hindi gagawin yung voluntary, kasi abala yan eh maari po kaya na ang city legal office ang mag assist sa kanila para gawin yang mga affidavit na iyan or gawin yang mga kaso or petition na gagawin natin para mabawasan yung gastos nila. Ang magiging trabaho lang nila, umatend ng hearing kung kinakailangan ng hearing."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "So, another resolution directing the city legal office to assist this particular carrier?"

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "At nang bumaba ang expenses nila at abala ay mabawasan."

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Wala naman po kaming objection doon."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Pwede ba nating takutin muna ito? i auction ito kasi hindi sila naka declare sa atin? Kung baga mas madali silang kumagat sa tulong."







**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Si engineer makakasagot nyan."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually may mga technicalities pa yan eh, kasi once na dineclare sa atin yan at first time sisingilin natin yan ng 10 + 1."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Hindi po waive na po iyon."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Yun lang po ang technicalities na kailangan nating i address which is actually sa ngayon kasi yung sinurvey ko ay talagang ginagawa ng Imus yan eh. Talagang ang dami nating lupa na naka rehistro sa atin, yung building permit ay naandoon sa Imus. At saka may initial ito na nakuha ko rin doon sa assessor ng Imus, ang sabi nila hindi nila magalaw, kailangan nilang sabihin sa inyo yung lahat ng ano nila. Dahil dito sa development na ito kasi itinigil na rin natin yung kabaitan natin talagang ang nangyayri ngayon kasi nag a assess tayo dahil nga marami kasing ang lupa ay totoong Imus pero ang title ay naandito sa atin sa Bacoor. Ngayon nakakuha sila ng building permit sa Imus, so ang bahay nila naka declare sa Imus, kapag binenta nila magulo kasi magka iba tayo ng BIR. So, ang nangyayri ngayon hindi ko naman sila ina advice kung paano para mapabilis, so mas mabilis yun i transfer nila yung bahay nila dito para mabenta yun. So ganon ang nangyayari ngayon."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Pwede po ba engineer na magkaroon tayo ng tax mapping sa area na iyan? Para i justify na ito ay talagang nasa atin."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually yun ang nasa process natin ngayon, na mayroon na kaming link sa barangay na sulat tapos sa legal yata parang gumawa pa ng executive order na hindi pa matapos tapos eh. Matatapos na rin yung mga magma mapping dahil hindi pa lumalabas. Naka schedule na actually yung mag ma mapping."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Kasi kung i be base natin sa tax mapping tapos iko contest natin sa Imus at least justified tayo na talagang nasa area natin ito."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Yun din po talaga ang aming proposal, iinvite din po namin ang different barangay para ma settle din namin ito."

**Engr. Arthur San Jose:** "Mr. Chair, ito po bang tax mapping na sinasabi nyo ay tungkol doon sa sinasabi kanina na title ng Bacoor kaya lang nasa Imus?"

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Siguro itong portion muna na pinag uusapan natin ngayon."





**Engr. Arthur San Jose:** "Maganda po iyon kasi pinag aaralan ng ating mga geodetic engineer, nakapag bigay kasi ako siguro isa lang naman, fees lang naman, at hindi naman pala ganoon ang magiging attitude sa atin, napakaganda nga po yung gagawin nyong resolution isama nyo po roon na hindi pwedeng magbigay agad, para maipapakita ko po sa mga nag rerequest."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Your honor, pwede kong tanungin? Mr. Allan tanong ko lang, ibig sabihin yung tax mapping hindi nyo pa ginagawa dahil may inaatay pa kayong executive order?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually yung mga preparatory works namin nagawa na."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Pero yung actual hindi nyo po nagagawa? Atty. sino po ang gumagawa ng executive order?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Alin po ba?"

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Yung sa tax mapping."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Yung sa tax mapping mayroon na pong hiwalay iyon. Yung coordination lang ang kulang , kasi kailangan namin ng support ng barangay, yung mag aassist sa amin doon."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Hindi po ba pwede na kahit na wala pa ang EO nyan ay gawin nyo na ang tax mapping? Tapos i prioritize yung mga lugar na dini dispute ng Imus, yung mga lote na questionable ang jurisdiction kung baga nasa boundary? Pwede po bang unahin natin iyon?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "medyo mahirap sa part naming po. Kasi per barangay ang gusto namin."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "So kailangan nyo nang parang executive order ngayon na inutusan ang mga Kapitan na i assist kayo? Kung halimbawa po kaya resolution ng Sanggunian ang gawin? Pwede po kaya yun?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Pwede, actually sumulat naman ako doon sila naman ang nagsabi meron actually, inaddress ko kung EO or Resolution."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Paano kung resolution address to Liga ng mga Barangay?"







**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually, kami naman ay sumulat na sa kanila wala namang sumagot."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Kasi mahalaga po ito eh."

**Hon. Randy C. Francisco:** "Actually, naibaba na rin namin po sa meeting yan na tutulongan kayo oras na bumaba kayo sa barangay. Automatic naman po na tutulong kasi unang una, dyan lalaki yung income ng barangay. Kaya hindi po pwedeng hindi tutulong sa inyo ang mga nasa barangay."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Communication lang po, actually may sample letter na kaming lahat eh, binago nga ng Legal eh."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Kailangan ng Council ang resolution eh."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Sa Monday yun po ang gagawin namin."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Bising busy si assessor eh."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Matatapos na nga po yung mga **OJT** namin eh."

**Hon. Randy C. Francisco:** "At saka Engineer di ba po meron akong letter sa inyo? Ilang buwan na nga eh ang tax mapping sa barangay ko eh, ako na mismo ang nag rerequest eh."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Tatlo na po kayong nag rerequest."

**Hon. Randy C. Francisco:** "Kami na po ay nag rerequest for how many months na po, siguro mga 3 months na po."

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Actually tapos na ang mga sectioning namin, may temporary **TMCR** na kami (**Tax Map Control Roll**) na kami. Actually yung real activities namin is in place na and we are ready which is hindi naman masyadong mahirap kasi may LARES basis na kami."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Any opinion from the body?"

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "In case Mr. Chairman, magpasa tayo ng resolution, una sa OBO kapag may nag apply within the area of pinausapan natin accept na nila. Kung may nagpa cancelled man sa Imus kung sakasakali man tapos nag apply dito sa atin i direct nyo na sila sa assessor para may basehan siya, tanggapin nyo na rin kahit Imus pa yung nakalagay sa title kasi ang basis natin from the certification of zoning. It is within the territorial







jurisdiction of our City. I ano na natin, Legislative action na kailangan ni Mayor para maging basis niya palakad na natin. Magkaso na lang sila. Total tayo naman ay may basis sa decision natin."

**Engr. Arthur San Jose:** "Your honor baka naman po kasi in support with my certification, total sinabi ninyo na natanong naman natin yung barangay nila kung sino yung nakakasakop at saka kung saan yung lote nila baka po pwedeng isama nyo na rin yan kasi syempre kung saan ka bumoboto taga doon ka."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Para makahingi ng certification sa kanila, hindi sa pagboto wala po iyan eh, hindi po natin pwedeng i consider yung pagboto or kung botante ka, kasi kahit saang lugar ka pwede kang magpa rehistro eh."

**Hon. Randy C. Francisco:** "Hindi Konsi, yung address na ginagamit nila."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Hindi rin po pwedeng gamitin Konsi eh, gaya ko po botante ako ng Bacoor pero mayroon akong property sa ibat ibang lugar. So yung address hindi siya persuasive na evidence para po patuyan kung saan ang location ng property. Kasi maaring ang address ko ay Bacoor pero yung property ko talagang located ng Imus. Kaya po kailangan talaga o mahalga na magkaroon ng ocular inspection. Suggestion ko dapat po ay gumawa na tayo ng listahan kung ano itong mga barangay na ito na may lote rito na mayroong overlapping sa political boundary. Na kapag nakita ng mga department head natin na ito ay bukod ito sa ganoong barangay, kailangan itong i ocular inspection, automatic na magkakaroon ng ocular inspection na gagawin. Kasi itong ocular inspection ay pinakamatibay na ebidensya na pag mamayari ng lupa na iyon."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Mas matibay na ebidensya yung sa LARES kasi approved ng government office na ito yung territorial jurisdiction. Pinaka matibay na basis natin. Banatan na natin kasi this is a very dangerous issue. Ang nangyayari doon nagbabayad ng tax ang mga tao dito sa Bacoor tapos doon kumukuha ng building permit tapos doon sila nagbabayad, pwedeng gamitin ng Imus yan in the near future kapag nag claim ng lugar kasi ebidensya nila yan eh kasi kinikilala sila ng distrito doon eh. So, we must stop immediately through our Legislative action. Or to accept transaction dito sa atin. Magkaso na lang sila sa atin, parang dinamitang sasabog yan tulad ng Taguig at Makati. Magbubuksan na rin yung issue ng Pag asa, City Homes area, marami yang kine claim kasi may plano sila, doon sa Molino sites kine claim nila hanggang Daang Hari, so, we must prevent that kaya ngayon pa lang, tirahin na natin yan."







**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Konsi, baka matulad ito sa kaso ng Makati at Taguig. Yun pong permit na iniissue ng dalawang LGU na iyon ginawa pang ebidensya. Tinignan ng supreme court yun, kaya itong mga permit na ito malaking bagay po iyan kung magkakaroon ng asuntuhan."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Kaya dapat ma pre-empt na agad immediately ito in favor to our side. Iyun na lang, siguro andito naman ang mga concerned department heads kung anong mga transaction ng naandiyang sa area na iyan tanggapin na natin. Ang basis ng assessor ay yung certification na nasa Bacoor yan kaya tanggapin. Tapos tama yung sinabi ni Atty. Atega, I agree with the suggestion of Atty. Atega Mr. Chair na ang City Legal Services ay kuhanan natin ng special attention to assist a property owners within that area para matulungan natin silang mabawasan ang gastos and for us sa Sangguniang Panlungsod magpasa tayo ng Ordinansa today, na hindi na kailangan ng EO ni assessor. Yun siguro ang mga ilan or various legislative action na kailangan nating gawin. Okey naman sa inyo ito?"

**Engr. Allan Quinatadcan:** "Okey po kung sa ganon padadalhan na namin sila ng notice to begin. Kasi yun ang basis namin, bigyan namin sila ng notice to begin."

**Engr. Arthur San Jose:** "Pwede kaya tulad ng sinabi ni Atty. Khalid kung halimbawa pwede po natin silang sulatan na mag process ng building permit ng libre or i assist na lang ng legal natin sa mga documents kailangan lang talaga with written request sa city hall magagamit din naman ng assessor yun sa real property tax."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Pwede naman po."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Mayroon bang commercial establishment dito?"

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Oo meron mga tindahan."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Ang BPLD pahanapan natin ng building permit, para mag apply sa atin, ilibre na natin."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Malaki ang area pati si Kagawad Sagenes eh malaki ang compound nila. Tanong ko lang Engr., kasi si Rommel inadvice ko kasi nagkaroon sila ng extra judicial ng lupa yung share nya na napunta na sa kanya, pina coconsolidate at saka pina subdivision ang sabi ko sa kanya kung maihahabol mo sa engineer mo na bago dalhin sa bureau para pa apruban iayos mo muna yung location nyo, para the time na dumating sa iyo yung approval para pa titulo, nasa tamang location na."







**Engr. Arthur San Jose:** "Madali po pa approve plan nya sa LRA."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Yun nga ang sabi ko sa kanya unahan mo na ang surveyor mo "kasi po nagbabayad na kami sa BIR" walang problema yun kasi yan ang way sa pag papa approve ng plano. Ewan ko kung ginawa nya. Noong nag ocular kami hindi ko alam na doon pala ang bahay niya sa isang area na malaki na nasasakupan nitong number na ito. Kasi malaki ang nasasakupan ng area na ito kasi ito ay A lamang meron pang B, C and D eh. Itong 9,300 na ito Lot 47-32 - B5 ibig sabihin mayroon pang kasama ito kung B5 meron pang B 1,2,3,4 marami pa bukod sa 61 na ito marami pa doon. So, siguro ganoon na muna Atty. i suspend muna natin ito."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Mayroon na tayong Legislative action na gagawin kaya adjourned na natin ito, Andito na si Atty, si Assessor andito ng lahat eh. Adjourn na resolve na natin sa session kasi Mr. Chair with all your due respect, lahat naman ng office dito ay nag a agree na doon sa move natin. So, what they need is the basis ng kanilang action which is the legislative action. On Monday pag usapan ang resolution it will be the basis of their action based on what we discussed for the action taken."

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "I report na lang po natin kay Mayor."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Is there other motion?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Pasensya na po kayo kasi ni re research kop o yung territorial boundaries natin hindi po kasi nakalagay doon sa charter natin. Tapos ni refer po doon sa non existing municipal boundary ng Bacoor saan ko po kaya makukuha yung data?"

**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Noon ko pa hinahanap yan."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Alam ko yan, hindi talaga inilagay yun. Kapag may boundary dispute kasi, kung ilalagay yun hindi tayo papasa sa City hood application eh."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Pasensya na kasi alam naman natin na argabyado tayo rito, Bacoor ito yun nga kailangan muna Legal basis ano ba kailangan muna nating intayin yun para ma establish tayo?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Hindi naman po."







**Atty. Khalid Atega, Jr.:** "Napag usapan lang, hiwalay na lang nating pag usapan yan hindi dito sa meeting, kung бага mag strategize na lang tayo pero alam ko yung sinasabi mo kasi matagal ko ng hinahanap yan."

**Hon. Levy Tela:** "Since there is no other matter to discuss, I move for the adjournment of this hearing."

The regular session was closed and adjourned at 3:41 P.M.

Prepared By:

**EDGARDO B. NOLASCO**  
CLERK

Attested By:

**COUN. ROGELIO "BOK" M. NOLASCO**  
Chairman  
Committee on Finance, Budget and Appropriation



SCAN ME





## COMMITTEE ON FINANCE, BUDGET AND APPROPRIATION

### 2<sup>ND</sup> JOINT COMMITTEE HEARING MINUTES

NO. FBA-209-S-2023

Office of the Sangguniang Panlungsod  
Received by: Jenot Pring  
Date: \_\_\_\_\_  
Time: \_\_\_\_\_

Subjects: *REQUEST OF THE CITY MAYOR, HON. STRIKE B. REVILLA FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES TO THE LOCAL GOVERNMENT OF THE CITY OF IMUS BY TAXPAYERS INVOLVING PARCELS OF LANDS SITUATED IN THE CITY OF BACOR, CAVITE. – PCR-463-2023 dated December 5, 2023.*

Present:

#### Committee on Finance, Budget and Appropriation

Hon. Rogelio M. Nolasco - Chairman  
Hon. Reynaldo Palabrica - Member

#### Committee on Housing and Land Utilization and Urban Development

Hon. Alde Pagulayan - Chairman  
Hon. Adrielito Gawaran - Vice Chairman

#### 5<sup>th</sup> Sangguniang Panlungsod

Hon. Levy Tela - Member

#### Resource Persons:

Atty. Nathaniel De Leon - Office of City Legal Services  
Ms. Normalin Lim - Office of City Treasurer  
Ms. Elmine C. Dela Cruz - Office of City Assessor's Department  
Engr. Arthur San Jose - Zoning & Land Development Office

**Hon. Rogelio Nolasco:** "So basahin ko ang ating topic, "**PCR-463-2023 – REQUEST OF THE CITY MAYOR, HON. STRIKE B. REVILLA FOR LEGISLATIVE ACTION ON THE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAXES TO THE LOCAL GOVERNMENT OF THE CITY OF IMUS BY TAXPAYERS INVOLVING PARCELS OF LANDS SITUATED IN THE CITY OF BACOR, CAVITE** is call to order. For the record, I would like to acknowledge the presence of our Konsehal, in my right Konsehal Alde Pagulayan, Konsehal Levy Tela, and to our resource person paki sabi lang po ang name at department."





Republic of the Philippines  
**PROVINCE OF CAVITE**  
City of Bacoor



**OFFICE OF THE SAGGUNYANG PANLUNGSOD**

**Hon. Rogelio Nolasco:** "Para sa kaalaman ng lahat, pangalawang hearing na natin ito. We acknowledge the presence of Konsehal Adrielito Gawaran. Pina gawa natin last time na i co-coordinate ng ating zoning department Engr. San Jose sa zoning ng Imus. Kung mababasa ninyo yung sulat nila or respond from Imus kay Eng. San Jose. Ano po ang magiging comment natin dito Engr. San Jose regarding sa sulat ng Imus?"

**Engr. Arthur San Jose:** "Actually before pa tayo mag meeting ngayon, I called up the attention of Kapitan Aganus ng Real, looking for information about these property owners. Unang una sinabi nya na maganda ang mga nakatira dyan ay botante ng Bacoor. Yun po ang narinig kong maganda sa kanya at saka yung mga services na tinatanggap ng mga naandiyan ay galling sa Bacoor, kay Kapitan po, kasi sinasakop nya iyan. Kung mamarapatin po, I suggest na itoy mahabol ng ating lungsod sa legal na pamamaraan kung saan pwedeng palitan yung data doon sa titulo ng may ari kasi ang nakalagay doon ay Imus na supposed to be ay Bacoor dahil ito nga eh ako ang nakapag certify kasi nga mayron tayong data na nakuha sa **LRA (Land Registration Authority)** through **LA RES** na yung lugar na iyan at hindi lang iyan meron pang iba according to Kapitan na sakop ng Mambog pero Palico, gaya noong sa Real so, yun po ang suggestion ko. Siguro po kung may maidadagdag si Atty. Nathaniel ano po yung mga legal way na pamamaraan."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "So, Atty. ano po ang mga legal way? Ang alam ko sa court yan eh yung title po kasi nakalagay sa Imus."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "We acknowledge the presence of Konsehal Reynaldo Palabrica."

**Hon. Rogelio Nolasco:** "So, actually kahit na naka pwesto sa atin kung ang titulo ay nakalagay ay Imus talagang Imus ang babagsakan ng Tax dec. Pero lahat tayo ay Imus Estate ang Bacoor at Imus ay Imus estate yan. Kya lang sa titulo, minsan kasi yan ang pagkakamali ng surveyor hindi na identify na mabuti kung anong municipality yung kanyang sinusukat. Siguro nailagay ay Imus kaya ang tax dec. papasok sa Imus. Mayroon ba tayong way na magagawa dito Atty tulad ng ang mga Land owner ay sulatan natin at gawan natin ng tax dec. nang hindi na tayo mag ko korte. Hindi kaya tayo makasuhan doon?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "May ganiyang case na nakarating ng supreme court. Ang worry nga lang po sa case na iyon, I believe City of Tagaytay po itong case na iyon. Nag tax dec po sila sa mga properties na nasa boundary, hindi po sa kanilang legal ang boundaries po ng property na iyon. Ang sabi ng supreme court before kayo mag tax dec kailangang i check nyo yung title nito. Kasi sa title po natin kahit mali po iyon, sa batas po kasi natin mayroon po kasing presumption na may irregularity ang titles na ito na inissue ng LRA. So, kung ano po yung nakalagay doon yun po ang presumptive incorrect na data, opo correction. Ngayon kung ipapa correct po natin iyun talagang dapat na dumaan po sa court kasi kailangang ipa cancel din po yung title na iyun. Effectively, Kung na cancel na po yung title, cancel na rin po yung mga tax dec nila. Very effectively po kaso may process po tayong dapat pagdaanan. Kaya





Republic of the Philippines  
PROVINCE OF CAVITE  
City of Bacoor

OFFICE OF THE SAGGUNYANG PANLUNGSOD



ang suggestion po namin ay mag umpisa po tayo sa case frameup, kailangang makumpleto ang documents na kailangan natin saka certification na galing po sa DENR for example. Itong location po ng mga parcels na ito. "

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Certification from DENR na nasa Bacoor and location nito?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Opo, kasi yun po ang magiging pinaka armas natin para po sa tax dec. lang. Pero yung pinaka title, ibang usapan po kasi yun ito po ay personal po doon sa mga taong nakapangalan doon sa title. So, aaralin pa po namin kung pwede tayong mag file ng kaso para pa ayos yung kanilang title. Pero as long as meron na po tayong ma i ka counter doon sa presumption of irregularity ng titles na iyon, once na ma question pwede naman pong i declare ang mga ito sa Bacoor. Yun nga lang po, merong danger na magamit ay yung supreme court decision na iyon laban sa atin. Meron namang titles na naka declare sa Imus. Presumption lang naman po iyon. Hindi mo ibig sabihin na absolute yung ganoong klaseng presumption. Nasa sa atin kung paano natin i overcome yung presumption na iyon."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Hindi ba pwedeng daanin na lang sa correction?"

**Atty. Nathaniel De Leon:** "Pwede po, pero sila po ang magpapa correct."

**Hon. Reynaldo Palabrica:** "Kailangan bigyan natin ng pressure yung property owner para sila ang magpapa correct."

**Hon. Rogelio M. Nolasco:** "Kung ito ay ipapa correct ng property owner kailangan pa rin ng certification eh, from zoning yun ang magiging katwiran ng owner, gagastos pa ako. Hindi ba pwede Engineer na i ocular inspection to justify?"

